

**PAUNAWA SA HALALAN**  
**LUNGSOD NG PACIFICA**  
**MARTES, NOBYEMBRE 8, 2022**

**IPINAPAUNAWA DITO** na ang isang Pangkalahatang Halalan ng Munisipyo na ay gaganapin sa Lungsod ng Pacifica sa Martes, Nobyembre 8, 2022 kung saang halalan ang mga sumusunod na Tanggapan at Mga Panukala:

**MGA PAGBOBOTOHANG OPISINA NG KONSEHO NG LUNGSOD**

Para sa isang (1) **miyembro ng Distrito 2 Konseho ng Lungsod** para sa buong termino ng apat na taon na magtatapos sa Nobyembre 2026; at  
Para sa isang (1) **miyembro ng Distrito 3 Konseho ng Lungsod** para sa buong termino ng apat na taon na magtatapos sa Nobyembre 2026; at  
Para sa isang (1) **miyembro ng Distrito 5 Konseho ng Lungsod** para sa buong termino ng apat na taon na magtatapos sa Nobyembre 2026.

**MGA PAGBOBOTOHANG PANUKALA**  
**IPINAPAUNAWA DITO** na ang mga sumusunod na hakbang ay pagbobotohan sa Pangkalahatang Halalan ng Munisipyo sa Lungsod ng Pacifica sa Martes, Nobyembre 8, 2022:

**Pagbobotohang Pagpapayo Tungkol sa Pagbabawal sa Ligtas at Tamang mga Paputok:**

Aamyendahan ba ng Lungsod ng Pacifica ang code ng munisipyo nito, na ipagbawal ang pagisindi, paggamit, pagpapaputok, o pagbebenta ng lahat ng mga paputok na "Ligtas at Tama" na inaprubahan ng Estado sa Lungsod ng Pacifica? OO	OO
HINDI	HINDI

**Pagsasabatas ng Buwis sa Pagbebenta (Mga Transaksyon at Paggamit) ng Lungsod ng Pacifica:**

Ang panukalang batas ba na nagtatatag ng ½ % buwis sa pagbebenta para sa pangkalahatang gamit ng gobyerno upang mapanatili ang mahahalagang serbisyo ng Lungsod ng Pacifica, tulad ng pulis, bumbero, medikal 9-1-1 na pagtugon sa emerhensiya; pag-iwas sa polusyon / basura sa mga dalampasigan; pag-akit / pagpapanatili ng mga trabaho / negosyo; sementadong kalye; pagpapanatili ng paagusan ng tubig-bagyo upang maiwasan ang pagbaha; pagpigil sa pagguho ng baybayin, at pagbuo ng humigit-kumulang \$2,600,000 taun-taon sa loob ng 9 na taon, na may regular na pag-audit sa pananalapi, independiyenteng pangangasiwa ng mga mamamayan, at nangangailangan ng mga pondo na gagamitin sa lokal, ay mapapaglibay? OO HINDI	OO
	HINDI

**IPINAPAUNAWA DITO** na ang pagsisimula ng paghahain ng nominasyon ay sa **Lunes, Hulyo 18, 2022** sa ganap na 8:30 nang umaga;

**IPINAPAUNAWA DITO** na ang **Biyernes, Agosto 12, 2022** sa ganap na ika-5 nang hapon, ay itinakda bilang huling petsa nang paghahain ng mga papeles sa nominasyon;

**IPINAPAUNAWA DITO** na ang mga kandidato ay dapat gumawa ng appointment upang makakuha at maghain ng mga papeles sa nominasyon sa Opisina ng Kleriko ng Lungsod ng Pacifica sa pamamagitan ng pakikipag-ugnayan sa Kleriko ng Lungsod sa pamamagitan ng telepono sa 650-738-7307 o sa pamamagitan ng email sa [scoffey@pacificagov.gov](mailto:scoffey@pacificagov.gov); at

**IPINAPAUNAWA DITO** na ang botohan ay magbubukas sa pagitan ng mga oras ng 7:00 a.m. at 8:00 p.m. sa Nobyembre 8, 2022.

Mangyaring makipag-ugnayan sa Opisina ng Kleriko ng Lungsod para sa anumang mga katanungan tungkol sa abisong ito sa pamamagitan ng telepono sa 650-738-7307 o sa pamamagitan ng email sa [scoffey@pacificagov.gov](mailto:scoffey@pacificagov.gov).

/s/ Sarah Coffey, Kleriko ng Lungsod, Lungsod ng Pacifica